

Heograpiya

Buod ng Kasaysayan

Kilala ang Cagayan Valley bilang isa sa mayayamang rehiyon sa Pilipinas. Ito ay mayaman sa kalikasan gaya ng lupa, mineral, at tubig gayundin sa kagubatan. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Royal Decree noong 1856, ang Cagayan Valley ay nahati sa Probinsiya ng Cagayan at Nueva Vizcaya. Sa hilagang bahagi ng Cagayan ay matatagpuan ang bayan ng San Pablo, Tumauni at Cabagan at ang silangang bahagi nito na matatagpuan sa Nueva Vizcaya ay ang Angadanan, Gamu, Ilagan, Carig, Camarag at Palanan. Sa dokumentasyon ng Aeta Manilana, napalitan ang kapitolyo ng probinsya ng Nueva Vizcaya at ito ay Bayombong at ang Isabela naman ay ang Ilagan.

Ang sentro ng kalakalan sa Cagayan Valley ay ang Isabela na napalilibutan sa hilagang bahagi ng mga bundok, ang Dagat Pasipiko sa Timog at bahagi ng Kalinga-Apayao, Ifugao at Bontok sa kanluran. Sa hilagang bahagi nito ay ang mataas na kabundukan ng Sierra Madre na umaabot sa silangang bahagi ng Cordillera. Ang kabundukang ito ang nagsisilbing proteksyon sa mga bagyong dumadaan sa Rehiyon II. Dahil sa pagbabago ng klima, ang hanging amihan at habagat ay siyang nagdudulot ng malakas na bagyong dumadaan sa probinsya. Mula Abril hanggang Mayo, ang tag-init ay mararanasan sa probinsya. Nobyembre hanggang Disyembre ay inaasahan ang tag-ulan. Noong 1901 ang Ilog Cagayan ang tanging daanan pantubig para sa kalakalan ng Isabela at Cagayan. Ang kalakalan ng tabako na siyang pangunahing produkto ay isinasakay sa mga malalaking bangka upang mailuwas sa Maynila. Tinatayang 447 na kilometro ang layo mula Sierra Madre hanggang Aparri.

Barangay Annafunan

Ang salitang ANNAFUNAN ay hango sa salitang UGAD na **PADDARAFUNGAN** na nangangahulugang tagpuan. Noong 1900, ang sistemang barter ay laganap sa Annafunan at ginamit ang ilog Cagayan na daanan upang maibenta ang mga produkto ng mga Yógad. Sa Brgy. Annafunan nagtatagpo ang mga mangangalakal mula Ilog Aparri hanggang Ilog Cagayan. Ang Brgy. Annafunan ay pinakasagana sa likas yaman na naging dahilan ng pandarayo rito ng mga dayuhan at ng ibang tribo. Ang lugar na ito ay sagana sa likas yamang-gubat gaya ng baboy ramo, usa at iba't ibang uri ng mga ibon. Ang mga Cagayano ay napamahal sa mga Yogad dahil sa kanilang pagiging palakaibigan kaya tuluyan silang namuhay sa Brgy. Annafunan. Ang Brgy. Annafunan ay sentro ng kalakalan. Matatagpuan ito sa silangang bahagi ng Camarag. Makikita sa hilagang bahagi nito ang Brgy. Mabuhay, sa silangang bahagi nito ang Brgy. Dugayong, sa timog naman nito ang Carulay at sa kanluran nito ay makikita ang Ilog Cagayan. Limang kilometro ang layo nito sa Centro Poblacion.

Baranggay Carulay

Noong 1820, ang Baranggay Carulay ay kinikilala bilang isang pook pampasyalan. Sa pakikipanayam kay Gng. Cadauan (Informant), dito nila isinasagawa ang pagpupulong, piging at iba't ibang okasyon. Matatagpuan ang Brgy. Carulay sa kanlurang bahagi ng Camarag na ngayon ay Echague, sa hilagang bahagi naman nito ay ang Brgy. Sinabbaran, sa silangang bahagi naman ay ang Brgy. Dugayong, sa timog naman nito ay ang Brgy. Mabuhay, kalapit naman nito ang Baranggay Sto. Domingo at Tuguegarao. Ito ay may layong limang kilometro sa Centro Poblacion. Ang lupain nito ay may kabuoang 157 ektarya.

Batay sa pakikipanayam kay Ginoong Acosta (Punong Baranggay ng Carulay, 2018), sinabi niyang 98% ng kanyang kabaranggay ay YÓGAD ang pangunahing wika. Batay sa talà ng Municipal Planning Development Center, ang Brgy. Carulay ay may kabuoang populasyon na 10,266.

Sa pakikipanayam naman kay Gng. Cadauan (Informant), sinabi niya na ang Brgy. Carulay ay kuhanan ng baboy ramo, warthogs, unggoy, mga native na manok, mga ibon at usa. Ang kagubatan nito ay nagtataglay ng maganda at kakaibang bulaklak na kung tawagin ay **KAROLINE**, dahil sa kakaibang taglay na ganda at halimuyak ng bulaklak kung kaya't ito ay tinawag na Karoline ng mga dayuhan at mamamayan ng karatig pook.

Sinabi rin ni Gng. Cadauan na isang araw habang may nangangasong dayuhan sa Brgy. Karoline, nagtanong ito sa mga nakatira dito kung ano ang pangalan ng lugar at sinabing Karoline subalit iba ang pagkarinig ng dayuhan kaya ito ay naging Karulay. Pagkalipas ng ilang panahon, ang letrang K sa pangalan ng Baranggay ay napalitan ng C dahil ayon sa pakikipanayam kina G. Tumolva, IPMR ng Brgy. Allangigan, Angadanan, Isabela at G. Ballad, IPMR ng Maligaya, Echague, Isabela, ang wikang Yogad ay hindi gumagamit ng letrang K, kaya binaybay ang pangalan ng nasabing baranggay na Brgy. Carulay.

Batay sa pakikipamuhay ng mga mananaliksik, nakita ang malaking pagbabago sa pamumuhay ng mga Yogad. Ang mga ito ay nakikiayon na sa sistema ng modernong panahon subalit ginagawa pa rin ng iba ang mga tradisyunal na oryentasyon at kultura.

Baranggay Dammang West

Ang Brgy. Dammang West ay unang tinawag na EDDAUAN, isang Yógad na salita na nangangahulugang “Daungan” sapagkat ito ay daungan ng mga taga-Appari na sakay ng kanilang malalaking Bangka, laman ang kanilang panindang likhang-kamay gaya ng bangkito, mesa, hulmahan ng paso, kalan na yari sa lupa, lokal na alak na tinatawag na Basi at mga isda.

Sila ay dumadaong sa Brgy. Dammang West sapagkat ang mismong layunin nila ay makipagpalitan ng mga produkto gaya ng damit at ipinagmamalaki nilang tabako. Batay sa mga matatanda na unang nanirahan sa

Brgy. Dammang West, ito'y masukal na kagubatan at iilan lamang ang bahay na pinaninirahan ng mga Yógad. Pangangaso at pangingisda ang pangunahing hanapbuhay ng mga tao, pangalawa ang pagtatanim ng mga prutas at gulay. Ang mga Yógad ay nagtatanim ng palay sa pamamagitan ng kaingin na ayon sa kanila, ito ay bayanihan, sila'y nagbubungkal ng lupa at naglilinis gamit ang **GAMMULANG** para anihin ang mga itinanim.

Sa pakikipanayam kina Gng. Ibarra (IPMR ng Brgy. Dammang West) at G. Furuc (Tagapangalaga ng simbahang Katoliko), sinabi nilang ang mga Yógad na nakatira sa Brgy. Dammang West ay may sapat na pagkain partikular ang karne at mga isda. Ang masukal na kagubatan ay kuhanan ng baboy ramo, usa, manok at iba pa gamit ang pana at alinmang matutulis na kahoy. Batay naman sa pakikipanayam kina G. at Gng. Bulan (Dating Propesor ng Pamantasang Estado ng Isabela), noong naging malaki na ang bilang ng populasyon ng baranggay na ito, tinawag nila ang lugar na —CABESA DEL TRIBU na nangangahulugang mga taong naninirahan sa isang lugar. Pagkaraan ng ilang taon, noong nadagdagan nang nadagdagan ang bilang ng mga Yógad sa lugar, pinalitan nila ang pangalan ng kanilang baranggay bilang isang baryo at ang mga Yógad ay namili ng lider na tinawag nilang —TINIENTE DEL BARRIO para mamuno at manguna sa kaayusan ng lugar na kaniyang nasasakupan. Pagkaraan ng ilang taon, ang Cabesa Del Tribu ay napalitan ng Brgy. Dammang West sapagkat dito nakaugat at nagsimula ang salitang Eddauan.

Baranggay Gucab

Ang Baranggay Gucab ay nagmula sa salitang Espanyol na EMBARCADERO. Ang literal na kahulugan nito ay daungan. Tinawag na Embarcadero ang lugar na ito sapagkat noong unang panahon, ito ay sentro ng palitan ng mga produkto gaya ng rattan at tela. Ang ilog Cagayan na tinagurian noon na pinakamalaking ilog sa Asya, ang daanan ng mga negosyanteng sakay ng malalaking bangka upang makipagkalakalan.

Ang kalesa at bangka ang tanging transportasyon sa buong probinsiya ng Isabela (Reyes, 1976). Ang mga mangangalakal na naggagaling sa karatig pook gaya ng Nuevo Segovio (Nueva Viscaya), at Ilocos Sur ay dumarayo sa Embarcadero upang magtinda ng kanilang produkto kaya naging sentro ng kalakalan ang Brgy. Embarcadero.

Ang tribu ng Yógad ay dumating sa baranggay na ito noong 1960 at nang lumaon ay pinalitan nila ang pangalan nito ng GUCAB. Ang salitang GUCAB sa Yógad ay nangangahulugang mababang bahagi ng lupa. Kahit Brgy. GUCAB na ang opisyal na pangalan ng baranggay, marami pa rin ang tumatawag dito na Embarcadero.

Baranggay Mabuhay

Batay sa pakikipanayam kay Gng. Cadauan (Informant), ang unang tawag sa baranggay na ito ay BUNGUG. Ayon pa rin sa kanya, ang pangunahing hanapbuhay ng mga naninirahan dito ay pangangaso. Sa salaysay ni Gng. Cadauan, sinabi niyang isang araw habang may nanghuhuli ng baboy ramo, natamaan nito ang baboy ramo sa may puwitan kaya nasambit ng mga nakakita ang salitang Bungug na may kahulugan sa Yógad na sakto o diretso at dito hinango ang pangalan ng kanilang baranggay. Noong 1961, ang kapitan ng baranggay Mabuhay ay si Gng. Esperanza T. Po, ina ni Gng. Cadauan. Sa kanyang pangunguna, napalitan ang pangalan bilang Mabuhay sapagkat batay sa pakikipanayam kay Gng. Cadauan, simbolo ito ng Bagong Buhay na nakita sa paraan ng pagkakahuli sa baboy ramo. Dating bahagi ng Brgy. Carulay ang Mabuhay ngunit dahil sa katapangan ni Gng. Po, itinaas niya ang kanyang kampilan at matapang na hinarap ang mga Bugkalot at iba pang mananakop. Nagapi niya ang mga ito kaya nagsigawan ang kanyang mga kamag-anak ng “MABUHAY” na simbolo ng pagbati sa kanyang tagumpay. Mula noon ay tinawag ang kanilang baranggay na Mabuhay. Ayon pa rin kay Gng. Caduan, upang umunlad ang pamumuhay ng mga tao sa kanilang baranggay ay sinuportahan sila ng gobyerno. Nagbigay ng mga programang sumusuporta sa pag-unlad ng pamumuhay ng mga tao upang makasabay sa agos ng modernisasyon.

Ang Brgy. Mabuhay ay matatagpuan sa silangang bahagi ng Camarag. Anim na kilometro ang layo nito mula sa Centro Poblacion (MPDC, 2017). Mayroon itong 151.72 hektaryang lupa. Base sa 2018 sensus at sarbey ng National Statistics Office at Barangay Health Worker, tinatayang mayroong 978 katao ang nagsasalita ng wikangYógad sa Brgy. na ito.

Baranggay Maligaya

Sa paglalahad ni G. Ballard (IPMR), noong 1800, sumalakay ang mga Espanyol sa probinsiya ng Isabela dahil gusto nilang magpatayo ng sariling gobyerno sibil. Isa sa kanilang sinakop ay ang Brgy. Kapitan (dating Brgy. Maligaya). Dahil sa kagitingan at katapangan ng mga Yógad ay nalabanan nila ang mga manunupil kaya’t nakamit nila ang kanilang kalayaan. Noong nanakop naman ang mga Amerikano, napatay ng mga Yogad ang kanilang kapitan kaya dito hinalaw ang salitang KAPITAN na nangangahulugang namumuno na itinawag nila sa kanilang baranggay.

Noong 1946, ang mga nakatira sa Brgy. Kapitan ay naglalakbay mula sa kanilang baranggay patungong Munoz, Nueva Ecija upang mag-aral. Mula sa mga manlalakbay na ito ay napili ang kanilang unang pinuno at siya ay tinawag na Tiniente Del Barrio. Nang lumaon tinawag nilang Brgy. Maligaya ang kanilang baranggay na batay sa pakikipanayam ng mga mananaliksik ay hindi alam ng mga informant ang dahilan.

Baranggay Malitao

Noong 1850, mangilan-ngilan lamang ang nakatira sa lugar na ito sapagkat batay sa naging karanasan ng mga mananaliksik sa pagpunta sa lugar na ito ay napakahirap marating dahil sa nababahang tulay, matatarik na bahagi ng lupang kailangang tawirin, at mabato at makipot na daan. Maraming mga antropologo at mananaliksik ang nagsagawa ng pag-aaral kung saan nagmula ang barangay na ito subalit hindi nila ito naipaliwanag. Sa pakikipanayam ng mga mananaliksik kina G. Furuc at G. Gaffud (Tagapangalaga ng simbahan), may kinalaman sa ginawa ng kanilang **Afu** na pagtutunggali ng limang elemento na tubig, hangin, lupa, metal at apoy ang naging pangalan ng kanilang lugar. Kung sino ang magwawagi sa nabanggit na elemento ay siyang mananatili sa lugar at ito nga ay ang tubig. Kaya ang lugar ay napapalibutan ng ilog. Ang mababang bahagi ng lugar ay pinananahanan ng mga orihinal na Yogad. Sa pagpapatuloy ng panayam kina G. Furuc at G. Gaffud, noong 1902, isang napakalakas na bagyo ang dumaan sa lugar na ito na naging dahilan ng pagkasira ng mga tahanan, simbahan, at lahat ng ari-arian ng mga Yogad. Sa isang iglap ay naglaho ang lahat ng ito. Kinuha ng mga lalaking Yogad ang mga malalaking puno na kasabay ng tubig sa pagragasa at ginamit nila ito bilang pader o haligi ng kanilang mga tahanan. Isang araw habang patuloy sa pangunguha ng mga puno sa may ilog ang mga lalaki, nakita nila ang isang babaeng nakahandusay sa may puno na wala nang buhay. Nagtaka ang mga nakakita dahil wala ni isang galos o sugat sa katawan ang babae.


Binuksan ng isang lalaki ang mata ng patay na babae at laking gulat niya nang makitang malinaw ang kanyang mata. Kinuha nila ang kanyang katawan at napag-usapan nila ang angking kagandahan at pagiging malinaw ng kanyang mga mata. Pagkatapos ng pangyayaring ito, nagpulong ang mga katutubong Yogad at napagkaisahang tawagin ang kanilang lugar na Malinao. Nang tumagal ay tinawag itong Malitao dahil batay sa panayam kay G. Babaran (Kapitan at informant), nasabi niyang tuwing mahal na araw ay nagpapakita o lumilitaw ang imahen ng birheng Maria sa ilog at ito ay sinang-ayunan ng mga bangkero, mangingisda at magsasaka na nagtatanim malapit sa ilog.

Baranggay Allangigan, Angadanan

Ang Allangigan ay isang napakaganda at mabangong bulaklak. Ayon kay Gng. Layugan (Informant), ito ay matinik kaya mahirap kuhain. Nag-iiba ang kulay nito tuwing sasapit ang gabi kaya naman ito ay kahali-halina. Ang Brgy. Allangigan ay napalilibutan ng taniman ng mga bulaklak. Ang pormasyon ng kanilang ilog ay mukhang bulaklak. Naipakita sa ulat ng baranggay na 90% ng nakatira rito ay mga Yogad. Binubuo lamang ng 3 purok ang baranggay na ito. Noong 1980, tatlong angkan lamang ang nakatira rito ngunit sa paglipas ng panahon ay nagkaroon ng migrasyon kaya nadagdagan ang kanilang populasyon. Sa bayan ng Nuevo (Alicia, Isabela sa kasalukuyan) namimili at nagbebenta ng mga produkto ang mga sinaunang Yógad. Naglalakad lamang sila at kapag napapadaan sa may ilog ay gumagawa sila ng balsa na yari sa saging. Ang pangunahing produkto nila ay mais (**bacao**), at mani. Sa pagpapatuloy ng panayam, sinabi na batay sa pananaliksik ng mga misyonero, ang baranggay na ito ay inihalintulad din sa isang bulaklak.

Heograpiya ng Katutubong Yógad

Ang probinsiya ng Isabela ay pinaninirahan ng iba't ibang katutubo, isa na rito ang mga *Yógad*. Ang mga *Yógad* ay matatagpuan partikular sa mga bayan ng Angadan, Echague, Jones at Lungsod Santiago. Sa bayan ng *Echague* naitala ang may pinakamaraming naninirahang *Yógad* na umaabot sa 25,900 batay sa tala ng NSO Region 02 noong 2010 ngunit sa pinakabagong tala ng Municipal Planning Development Office (MPDO) ay umaaabot na lamang sa 16,000 na katutubong *Yógad*. Mapapansin ang pagbaba ng unang tala ng NSO at ng MPDO na may 9,900 dahil ang iba sa kanila ay nangibang bansa, lumipat ng tirahan, at nakapangasawa ng ibang katutubo.



Larawan 1: Mapa ng lokasyon ng mga *Yógad* mula sa Municipal Planning Development Council

Makikita sa mapa ang sukat at teritoryo ng mga katutubong *Yógad* noong 2012. Ang klima sa buwan ng Enero at Pebrero ay malamig kaya ang itinatanim ng mga *Yogad* ay mga gulay. Sa buwan naman ng Marso at Abril ay mainit ang panahon kaya dito nila inaani ang kanilang pananim. Tuwing buwan ng Mayo nagtatanim ng palay, mais at mani ang mga *Yogad* dahil ito ay tag-ulan. Aanihin nila ito sa buwan ng Agosto at ito ang kanilang unang ani. Ang buwan ng Setyembre, Oktubre Nobyembre at Disyembre ay tag-ulan. Ang inaani sa buwan ng Disyembre ay ang kanilang pangalawang ani.

Ang mga *Yógad* ay patuloy pa ring namumuhay sa kanilang lugar na pamana ng kanilang mga ninuno. Mayroon pa ring gumagamit ng wikang kanilang kinagisnan at ito ang *Yogad*.

Isa sa mga katangian ng wika ay ang pagiging daynamiko sapagkat kaya ng wika na makibagay anuman ang hamon ng lipunan at takbo ng panahon. Ang wikang ginagamit sa kanilang sariling lugar ay siyang nagpapakilala ng

kanilang pagkatao, kaugnayan nito sa lugar, klima, at mga pananim. Ang wikang Yógad ay may kakayahang makapagpabago ng kahulugan batay sa etimolohikal na paliwanag sa pangalan ng kanilang baranggay.



Larawan 2: Larawan ng mga Yógad na nasa Ilog Cagayan

UGAD: Mga Katutubong Yógad

Ang Camarag ay kilala bílang rehiyon ng mga Yógad. Batay sa nakatala sa kasaysayan, ang sentro ng mga Yógad noon ay ang Lalunares Del Diffun, isang malawak na teritoryo na sakop ang *Kalunisian* na ngayon ay Reina Mercedes, Cauayan, *Camarag* o (Echague), *Carig* na sa kasalukuyan ay Lungsod Santiago, at mga bayan na kilala sa tawag na *Lappau* (tawag sa lumang distrito). Ang lugar ng mga katutubong Yógad ay nakilala bílang teritoryo ng mga misyonero. Dito nila isinasagawa ang pagbabahagi ng mga salita ng kanilang Afu kaya nanampalataya ang mga Yogad.

Ang Lappau ay nakilala na Mission de Paniqui na isa sa mga dahilan kung bakit natawag ang teritoryo ng mga katutubong Yógad na *Paniqui* sapagkat isinasagawa nila tuwing gabi ang kanilang misa at pagsasagawa ng katutubong ritwal gaya ng paggawa ng apoy at doon ibinabato ang mga masasamang espiritu upang maging tahimik ang kanilang buhay. Batay sa pakikipamuhay ng mga mananaliksik, nakita ang pakikiisa ng bawat Yogad sa pagsasagawa sa gabi ng mahalagang programa ng kanilang baranggay. Masaya silang nakikilahok sa iba't ibang gawain gamit ang kanilang katutubong wika at iba pang wika (Ilokano, Filipino, at Ingles). Ang tagapagpadaloy ng programa ay gumagamit ng Yogad sa kaniyang pagsasalita subalit hindi naiiwasan ang paggamit ng wikang Ilokano, Filipino, at Ingles.

Yógad ang tawag nilá sa kaniláng sarili dahil sila ay nakatira sa lugar na kung tawagin ay Rehiyong Ugad. Ito rin ang tawag sa kanila ng mga tagalabas. Patunay sa pag-aaral ni Tavera (1901) ang orihinal na pinagmulan ng mga Yógad ay sa Ugad kasama ang mga tribong gaya ng Gaddang, Ibanag, at Itawes ngunit mas mayorya ang pangkat ng mga katutubong Yógad. Ang salitang Yógad ay mula sa terminong Ogad o Ugad na

dinagdagan ng letrang Y sa unahan. Pangkaraniwan sa pagpapangalan ng mga tribo ay nakabatay sa lugar kung saan naninirahan ang mga katutubo.

Ang mga Yógad ayon kay Father Pedro Jimenez na naglakbay sa lugar ng mga katutubong Yógad noong 1680, ay mahilig manamit ng mga magagandang tela na yari sa *Cotton*, mahilig din sila sa mga ginto at mamahaling bato. Sila rin ay nagsusuot ng bahag at tapis na napapalamutian ng mga makikintab na mga bato. Ang kanilang kuwintas ay yari sa bao ng niyog gayundin ang mga porselas at mga singsing. Sa mga kalalakihan, karamihan sa kanila ay may mga *tatoo* na makikita sa kanilang braso at kamay. Wala ni isang larawang nakita kung paano manamit ang mga Yogad noong unang panahon. Ayon naman sa panayam kay Gng. Alingog (Manghihilot at informant) ang kanilang isinusuot noong 1946 ay tinatawag nilang bahag subalit wala rin siyang naipakitang larawan.

Sa kasalukuyan, ang mga Yógad ay kakikitaan na rin ng malaking pagbabago sa kanilang anyo, kulay at tipo ng pananamit na sumasabay sa agos ng panahon dala ng modernisasyon at teknolohiya sa nasasakupan ng Rehiyong Ugad. Naobserbahan ng mga mananaliksik ang kultural na dominasyon sa pagpasok ng iba't ibang lahi dahil sa usaping intermarriages at naging malawak ang kultural na inobasyon ng mga katutubo sa pagpasok ng komersyalismo ngunit hindi pa rin nawawala ang kanilang pagkakakilanlan lalo na sa paggamit ng kanilang katutubong wika. Ang wikang Yogad ay may sariling katangian na kaiba sa ibang wika. Ang wika ay nagbabago at patuloy na lumalawak batay sa espasyo, lugar at taong gumagamit nito. Katulad ng mga Yógad, dahil sa patuloy na pagtanggap at paggamit ng kanilang komunidad sa kanilang wika ay nakikilala at nauuri pa rin sila bilang Yogad.



Larawan 3: Si Delfin Culang, isang katutubong Yogad mula sa Baranggay Annafunan, isang magsasaka

Wikang Yógad bilang nanganganib na wika

Ang wikang Yogad ay itinuturing na kabílang sa mga wika ng Hilagang Cordillera katulad ng Isnag, Adason, Malaueg, Itawes, Ibánag, Ata, Agta at Gaddang. Ang Wikang Yógad batay sa pag-aaral ng mga lingguwista ay may kaugnayan sa Wikang Gaddang. Naniniwala si Galang (1935) na ang Wikang Yógad ay may pagkakatulad sa Wikang Gaddang. Ito ay mapapansin sa mga leksikal na pagkakapareho at ibá pang mga terminong ginagámit. Halimbawa: ang kanta ay parehong cansion; ang tubig ay danum subalit magkaiba ang diin, gayundin sa kahoy na parehong cayu pero magkaiba rin ang diin. Naobserbahan ng mga mananaliksik batay sa kanilang pakikipamuhay na sa usaping sosyolinggwistika naipapasa pa rin ng ibang mga magulang sa kanilang anak ang wikang Yogad subalit mayroon ding mga magulang ang hindi na ipinapasa sa kanilang mga anak ang wikang Yogad. Wala ring mga naitalang kopya ng kanilang sulatin upang maipreserba ang kanilang wika.

Kabílang sa mga minoryang wika ang Yógad. Nanganganib ang wikang ito at posibleng mawala sa kabuoan ng Rehiyon II. Ang wikang Ilokano ang sinasalita ng karamihang naninirahan sa Rehiyon II, sumunod ang wikang Ibánag, Gaddang, Itawes at ibá pang wika. Kaya kailangan pagyamanin at ipasa sa susunod na salinlahi. Isa sa naitalang may mababang bilang ng mga gumagamit ay sa wikang Yogad kaya ito ay isa sa mga nanganganib na wika (Etnologue, 2015).

Mga varayti ng wikang Yógad

Ang pakikipagkapwa ng mga Yogad gamit ang wika ay bahagi ng kanilang pang-araw-araw na buhay. Ang kanilang pakikipag-ugnayan sa kanilang kapwa Yogad o hindi Yogad ay nagpapakita ng kabuluhan at positibong paggamit ng kanilang katutubong wika. Nawiwili silang makipag-usap upang mapalitaw ang mga lokal at katutubong konsepto, pagkamamamayan, at pagbibigay-bose sa mga kalahok bilang pag-unawa sa sarili at kausap. Makikita ang kalagayang ito sa ibá-ibáng barangay sa bayan ng Angadanan, Echague, Jones at Lungsod Santiago partikular sa lugar kung saan naninirahan ang mga katutubong Yógad.

Nasaksihan ng mga mananaliksik noong Hunyo 11, 2018 sa pagdalo ng pista sa Brgy. Allangigan na ginagawa pa rin nila ang kanilang kultura gamit ang wikang Yogad. Mula umpisa hanggang wakas ng programa ay ginamit nila ang kanilang wika. Naipakita rin ang mainit nilang pagtanggap sa bisita sa pamamagitan nang mahusay na paggamit ng kanilang wika. Naipalabas sa awit at sayaw ang katangian ng kanilang kultura. Lumitaw ang mga lokal na termino sa pagsasagawa ng kanilang kultura na nagpapakita sa kabutihan ng mga katutubong Yogad. Natural na umiral sa isang wika ang mga pagbabagong bunga ng kontak at ugnayang pangkultura. Ang mga pagbabagong ito ay isang likas na katangian ng wika na nasa proseso ng patuloy na pagbabago na maaaring panloob o panlabas dahil sa ugnayan o pagtatagpo ng mga wika. Ang mga katutubong Yógad ay may alfabeto sa pagbása ng mga titik. Batay sa mga salitang nakalap ng mga mananaliksik sa mga informant ang wikang Yogad ay may patinig na A, I, at U. Ang mga katinig ay binibigkas nang may kasamang patinig na A, gaya ng sumusunod: /Ba/, /Ka/, /Da/, /Ga/, /Ha/, /La/, /Ma/, /Na/?/Nga/, /Pa/, /Ra/, /Sa/, /Ta/, /Wa/, /Ya/.

Talahanayan 1: Mga halimbawa ng patinig ng wikang Yógad		
Yógad	Paraan ng Pagbigkas	Kahulugan sa Filipino
/a/	Aw	Oo
	Afu	Panginoon
/i/	Ifu	Buntot
	Iyyog	Niyog
/u/	Uway	Yantok

Makikita sa mga salita na nagagámit ang patinig na a,i, u sa posisyong inisyal tulad ng **Aw**, **Afu** sa patinig na /a/, **Ifu**, **Iyyog** sa patinig na /i/, **Uway** samantalang walang naitalang mga salita na nagagamit ang patinig na /o/ at /e/.

Ang wikang Yógad ay may tatlong kayarian ng mga salita. Una ay payak tulad ng mga salitang **Lig (Pilikmata)**, **San (Anak na lalake)**, at **Buk (Buhok)**. Pangalawa ay maylapi gaya ng **Katalunan (salitang ugat talun)**, at **Mabattug (salitang ugat battug)**. Pangatlo ay Salitang Inuulit gaya ng

Ma.ma.tag (Mamatag), **Kus.kus (Kuskus)**, **Wa.ra-Wara (Wara-Wara)**.

May apat na paraan ng paglalapi: pag-uunlapi (umunek), paggigitlapi (dumanga), paghuhulapi (girawan), at paggigitlapi-paghuhulapi (finuddadan).

Ang wikang Yógad ay may tatlong aspekto ng pandiwa, ang aspektong perpektibo, imperpektibo at kontemplatibo. Halimbawa: Nangngan-Mallamangan-Manggan, Nabbayle-Mababbayle-Mabayle, Nakarela-Makallakarela-Makkarela, Nattagab-Matattalagab-Mattagab, Dinumama-Dumalladama-Maddama, Natturak-Matulluturak-Matturak. Nagiging *nu* ang *um* kapag inilápi sa mga salitâng nagsisimula sa patinig. Halimbawa: umunek=inunek. Walang pagbabago sa banghay ang aspektong kontemplatibo at pawatas at upang maipakita ang pagkakaibá ng dalawang ito, gumagámit ng *nani* o *mamaya*, *nallelaw* o *búkas*, *naffugab* o *mamayang hapon*, o mga salitâng nagpapakita o nagpapahayag ng pagkakaganap ng kilos sa hinaharap. Halimbawa: Angekami tu binalemaw mappasyar nani. ; Nallelaw mi iyada yu duffun para tu iskuwela maw. ; Mammegafu yu miting tam naffugab. Upang maipakitang ang aspekto ay imperpektibo, gumagámit naman ng salitâng *maddaggun* upang maipakitang ang kilos ay kasalukuyang ginaganap. Halimbawa: Maddagun a mabbarak yu gobyernu tam tu bakuna para Covid 19.

Batay sa pakikipamuhay ng mga mananaliksik, ang wikang Yogad ay ginagamit pa rin ng iba sa pakikipag-ugnayan sa kanilang sariling lugar at sa ibang lugar na gumagamit ng wikang Yogad. May mga pamilya pa rin na Yogad ang wikang ginagamit sa loob ng tahanan. Karamihan sa mga gumagamit nito ay mga matatanda. Maraming mga kabataang Yogad ang hindi na marunong magsalita ng kanilang katutubong wika sapagkat hindi na ito ipinapasa ng kanilang mga magulang. Hindi na rin ito nagagamit sa paaralan at sa simbahan.

Pamilya ng mga katutubong Yógad



Larawan 3: Pamilya Alingog sa Baranggay Annafunan, Echague, Isabela

Sa **Gaka** o tribu ng mga Katutubong Yógad, ang konsepto ng pamilya ay katulad din ng konsepto ng ibáng mga pamilyang Filipino. Natutukoy ang kaugnayan ng isa't isa sa pamamagitan ng biyolohikal na kadahilanan. Kinabibilangan ito ng ina, ama, mga anak, magkakapatid, magpipinsan, maglolo at maglola.

Ang pagpapakasal ay isa rin sa kaniláng paraan sa pagbuo ng kaniláng **Gaka** o tribu. Ayon kay Gng. Cadauan (Informant), dati ay pinipili ng mga magulang ang mapapangasawa ng kanilang mga anak. Sa kanilang kultura ay magbibigay ng liham ang binata sa mga magulang ng dalaga na liligawan ang kanilang anak. Pagkatapos ay maninilbihan ang binata sa tahanan ng dalaga. Kung magugustuhan ng dalaga ang binata ay maisasakatuparan ang kanilang kasal subalit kung hindi niya magustuhan ay ibabalik niya ang liham ng binata. Sa kasalukuyang panahon, may kalayaan na ang mga Yogad na mamili ng kaniláng mapapangasawa.

Sa pagbuo ng pamilya, reponsabilidad ng mga magulang na arugain, pahalagahan, at mahalín ang kanilang mga anak. Ang mga magulang ang nagsisilbing modelo ng kaniláng mga anak. Ang **Ammang** o Ama o Tata ang siyang nagtatrabaho upang may makain ang kaniyang pamilya. Siya at ang kaniyang mga anak na lalaki ay pumupunta sa bukid at ilog upang makakuha ng kanilang ikabubuhay. Sila rin ay nag-aalaga ng mga hayop.

Kinikilala rin ng mga Yógad ang gampanin ng kababaihan sa isang pamilya partikular ang mga **Innang** o ina o nanay bílang may pinakamalaking bahagi sa pagpapalaki ng kaniláng mga anak. Karaniwang naiwan ang **innang** sa kaniláng tahanan upang alagaan at bantayan ang mga anak. Katuwang nito ang kanyang mga anak na babae. Ang ina rin at mga anak na babae ang siyang gumagawa sa mga gawaing-bahay tulad ng paghuhugas ng pinggan, pagluluto ng pagkain at pag-iigib ng tubig. May pagkakataón din na pumupunta ang ina sa bukid at tumana upang magsaka at magtanim ng gulay.



Larawan 4: Ang ng mga kababaihang Yógad na naglalaba tuwing umaga.



Larawan 5: Larawan ng mga kabataang Yógad na masisipag na kumuha ng dayami sa bukid na hindi alintana ang init ng araw.



Larawan 6: Si Gng. Abala sa pagbebenta ng mga gulay na kuha mismo sa kaniláng bakuran.

Sa hapon, ang mga Yógad ay malayang nakikipagkuwentuhan. Nagiging libangan at ehersisyo nila ang pag-iigib ng tubig. Ang iba naman ay nagpapalipad ng saranggola. Ang matatanda naman ay nagluluto ng lubi-lubi (kakaning gawa sa saging o kamoteng kahoy).



Larawan 7: Makikita ang pag-iigib ng tubig sa poso malapit sa kanilang bahay

Ang mga batang Yógad ay karaniwang naglalaro at tumutulong sa gawaing bahay. Kapag araw ng Lunes hanggang Biyernes, may mga gawain silang nakahuhubog ng kanilang pisikal, mental at espiritwal na aspekto ng kanilang buhay. Sa araw ng Sabado ang mga kabataan ng Baranggay Annafunan ay masayang naliligo sa ilog. Wika ni Gng. Cadauan (Informant), ang pagtuturo ng magandang asal sa mga kabataang Yógad ay isang pamana na kailanman ay hindi mabubura sa kasaysayan ng Yógad.



Larawan 8: Si G. Culang kasama ang kaniyang mga anak

Sa pakikipag-ugnayan sa iba pang komunidad hindi lamang sa pagiging magkadugo ang batayan ng kanilang pakikipag-ugnayan sa iba. Sa paglipas ng panahon, marami nang pagbabagong kultural ang naganap. Isa na rito ang pagiging maluwa sa pagtanggap sa ibang katutubo gaya ng Gaddang, Itawes at iba pa. Bunga nito ang malimit na pag-aasawa ng tagalabas o hindi nila kagrupo. Karaniwang

naapektuhan nito ang kanilang mga katutubong karunungan, kultura, at maging ang kanilang unang wika.



Larawan 9: Mga kabataang Yógad na naliligo sa ilog



Larawan 10: Batang masasaya

Tradisyonal na Proseso ng Pagpili ng mga Kinatawan at Sistema ng Pamamahala

Binibigyan diin ang kalipikasyon at tagal ng pamumuno sa proseso ng mga Yógad sa pagpili ng kanilang pinuno. Dumadaan ito sa isang pagpupulong na dinadaluhan ng mga miyembrong nasa edad 50. Ang paninilbihan sa kanilang komunidad ay isang gawaing nagpapatingkad sa kanilang samahan bílang mga namumuno sa mga Yógad. Kinakailangan ang konsultasyon at balidasyon ng mga matatandang Yogad para sa mauupong pinuno na kanilang sinasang-ayunan at ng kanilang komunidad. Ang mapipiling pinuno ng mga Yógad ay kailangang karapat-dapat sa posisyong itinalaga. Sa usaping sistema ng pamamahala ng mga matatandang Yógad, ang mga desisyon sa kanilang nasasakupan ayon kay IPMR Tumolva ay mga hakbanging nakabubuti sa nakararami. Karamihan sa mga mahuhusay na pinuno ng mga Yógad ay nakatira sa Ugad Region na matatagpuan sa silangang bahagi ng Camarag. Naobserbahan ng mga mananaliksik na mahalaga sa mga Yógad ang magtaglay ng mataas na pamantayang moral at pagiging matapat sa salita at sa gawa. Nakukuha ng namumuno ang tiwala ng kaniyang nasasakupan kung siya ay naglilingkod ng buong puso upang maisakatuparan ang mga programang makatutulong sa pag-unlad ng kanilang lugar.

Mga Kaugalian sa Hustisya at Batas

Noon ay may sariling sistemang sinusunod ang mga Yógad sa pagpapatupad ng batas at hustisya lalo na sa mga mabibigat na kaso. Ang mga isyu o suliranin na kinasasangkutan ng mga Yógad ay hindi idinudulog nang direktso sa baranggay o munisipyo. Idinudulog ang mga ito at inaayos sa tulong ng tribal council at mga community elder ng nasasakupan para na rin maiwasan ang pagkakaroon ng masamang imahen sa iba pang kinaaanibang pangkat.

Sa pagpupulong, **Amariyong** ang tawag sa tambuli na ginagamit na pantawag sa mga tao kung may pagpupulong o anumang pangmadaliang pantawag na kailangang malaman ng tao. Para sa kaso ng tao o kapwa Yógad, kung wala pa sa sapat na edad ang nagkasala, ipatatawag ang bata at ang kaniyang magulang para makipag-ayos sa kabílang panig. Mamamagitan ang Tinyente Del Baryo ay pakikilingan ang rason o paliwanag ng bawat isa. Kadalasan ang kaso ay naaayos at nauuwi sa simpleng salo-salo. Kung hindi naman naayos ng Tinyente Del Baryo ang dalawang panig ay papupuntahin sa pulis o sa bayan para doon maayos ang kaso. Noon sa kaso ng pagnanakaw, ikakabit ang karatulang —”Huwag akong tularan dahil ako ay magnanakaw ng manok” at ililibot sa loob ng baryo na kasama ang mga opisyal sa baryo. Hindi na ito isinasagawa sa kasalukuyan sapagkat mayroon ng batas na kailangang sundin. Sa ipinapatupad na ordinansa, nagkakaroon ng adaptasyon mula baranggay hanggang munisipyo na sa kasalukuyan ay siyáng isinasagawa.

Mga halimbawa ng may karampatang parusa:

1. Huwag papatay at huwag magnanakaw sa kapwa Yógad

Ikot sa baranggay nang walang saplot at isisigaw ang pangalan, tapos ay mangangako sa kapwa Yogad na hindi na uulitin ang ginawa.

2. Huwag maiinggit

Kakausapin ng mga pinuno ng mga katutubo at hindi makalalabas sa tahanan ng isa hanggang dalawang buwan.

3. Huwag mag-ingay kapag tanghaling tapat at kapag gabi

Kakausapin ng matátanda at maninilbihan siyá sa pook tagpuan ng mga Yógad.

4. Huwag magputol ng batang punongkahoy

Papapalitan ng opisyal na trabaho sa mga itinakdang ipalilinis ng mga matatanda.

5. Huwag Kumain nang sobra

Tuturuan ng tamang disiplina sa pagkain sa pamamagitan ng paninilbihan sa may mga okasyon o programa ng Yógad.

6. Konsepto ng Mana

Pantay-pantay ang makukuhang mana ng mga anak batay sa habilin ng ama.

Partisipasyon sa Pagpili ng mga Opisyal ng Pamahalaan

Ang pagtaas ng kanang kamay ang paraan ng pagpili ng lider ng mga Yogad noong 1950's. Sa kasalukuyang panahon, nakikibahagi na ang mga Yogad sa lokal at nasyonal na eleksiyon. Mula sa pambarangay na posisyon hanggang sa pambansang posisyon sa pamahalaan. Sa tulong ng mga Yógad at pakikipag-ugnayan sa lokal na pamahalaan ay natutulungan ang mga botanteng Yógad sa pagpaparehistro. Sa pagpili naman ng mga ibobotong kandidato sa eleksiyon, nagiging patas ang mga IPMR lider. Hindi nila dinidiktahan ang mga Yogad, malaya silang mamili kung sino ang kanilang gustong iboto.

Sistemang Pangkabuhayan

Ang mga Yógad ay may masaganang kabuhayan. Pagsasaka ang pangunahing ikinabubuhay nila. Nakikitanim sila ng mga **bakao** o mais, palay, mani at tabako upang mabuhay. Masagana rin sila sa mga pananim na gulay gaya ng talong, kamatis, ampalaya, gabi, sitaw at iba pa. Gayundin sa produksiyon ng mga prutas tulad ng **saba** o saging.

Mahilig din sila sa paghahabi ng mga basket at upuan na yari sa rattan, pagsusulsi ng mga damit, paggawa ng mga muebles tulad ng aparador, higaan, mesa at iba pang kagamitan. Mangilan-ngilan na lamang ang mga Yógad na gumagawa ng mga unan na gawa sa bulak na karamihan ay makikita sa Baranggay Carulay at Baranggay Maligaya.

Sa Baranggay Dammang West at Malitao, isa sa pangunahing hanapbuhay ng mga Yógad ay ang pangingisda dahil sa mas malapit sila sa may Ilog Cagayan. Karamihan sa mga nahuhulíng isda ay ang **balanban** na ibinebenta sa palengke o di naman kaya sa kanilang mga kabaranggay.

Isa rin sa kanilang pangkabuhayan ang pagbibilad ng mga kamoteng – kahoy upang ibenta at gawing suka at arina. Makikita rin na dahil sa hatak ng makabagong panahon ang mga Yógad ay natuto na ring gumamit ng mga modernong sasakyan tulad ng pampasadang traysikel at dyip na isa na rin sa kanilang pangkabuhayan.

Kakikitaan din ang mga Yógad ng pagkamadiskarte at pagkamalikhain pagdating sa pagnenegosyo dahil nakalilikha sila ng mga materyal na yari sa mga resiklong mga bagay tulad ng gulong ng sasakyan na ginagawa nilang kulungan ng mga manok, paggawa ng walis tingting na yari sa dahon ng niyog at iba pa.

Karamihan na makikitang alagang hayop sa kaniláng mga tahanan ay ang mga baboy, pato, manok, kambing na kanilang ibinibenta sa mga negosyante o di naman kaya sa kanilang mga kabaranggay upang pagkakitaan at maipantawid-buhay.

Sa sistemang pangkabuhayan ng mga Yógad, hindi mawawala ang paggamit nila ng kanilang sariling wika, sapagkat ito’y nagsisilbing behikulo ng kanilang pang-araw – araw na pamumuhay.

Wika ang nagiging tulay sa mga gawaing transaksiyonal sa mga taong kanilang nakakasalamuha. Ang paggamit ng wika ay depende sa kung sino ang kanilang kausap at sa sitwasyong kanilang kinasasangkutan.

Daynamiko o pleksible ang wikang Yogad. Nakita ito sa tala ng mga salita na nakalap ng mga mananaliksik. May mga salitang nadaragdagan ang katinig ngunit pareho ng kahulugan gaya ng Afu – Affu, attung-atung, at baggat – bagat. Mayroon ding panghihiram sa wikang banyaga at mga katutubong wika gaya ng mapatu (Ibanag), allod (Gaddang), berde (Kastila), at paryoc (Ilocano). Batay sa pakikisangkot ng mga mananaliksik, napakinggan at nairekord ang mga salitang may pagkakaiba sa paraan ng pagbigkas gaya ng agut, at balu.

Relihiyon

Kilala ang mga Yógad bílang mga relihiyoso na may malalim na pananampalataya. Sa pagsalaysay ni G. Furuc ng Baranggay Malitao, ang mga sinaunang Yógad ay may pananampalataya sa mga nilikhang bagay na nakikita sa kapaligiran na pinaniniwalaan na ito’y likha ng mga diyos at diyosan gaya ng pagsamba sa malalaking bato at puno gayundin sa kuweba at ilog.

Sa pag-aaral naman na isinagawa ni Fr. Luga, naniniwala ang mga Yógad na ang buhay ay isang paglalakbay:

“Addamáng tu danum, a gumatáy, a dumama tu danak a mattamu tu talum, a dumang tu kabakuludan, a nangammaungan danu daratatal a aggurianan danu Yógad sira”

(Ang mga Yogad ay nakatira malapit sa Ilog at kabundukan, payak at may sariling paraan kung paano mamuhay).

Pinalilitaw nito na ang mga Yógad ay may konsepto sa buhay na naglalakbay sa isang ilog sapagkat nakaasa ang pamumuhay nila sa ilog. Dito nila kinukuha ang kanilang makakain, inumin, at tubig na ginagamit upang maisagawa ang pang-araw-araw na gawain. Sa kanilang pamamangka ay nagtitiyaga sila upang makahuli ng maraming isda na siya nilang ikinabubuhay.

Ayon pa rin kay G. Furuc, mayroong dalawang relihiyon ang mga Yogad. Ang Romano Katoliko at Protestante subalit dahil nagkaroon ng iba’t ibang paniniwala gaya ng pagsamba sa malalaking bato at puno gayundin sa kuweba at ilog, nagkaroon ng pagkawatak-watak kaya naglitawan ang iba’t ibang uri ng relihiyon at paniniwala subalit karamihan pa rin naman ay mga Romano Katoliko.

Napuntahan ng mga mananaliksik ang isang simbahang Katoliko na pinaniniwalaang mapaghimala. Matatagpuan ito sa Upper Brgy. Malitao. Naipatayo ang simbahang ito sa pinakamataas na bahagi ng baranggay. Ito ay may imahen ng Birheng Maria na ayon pa rin kay G. Furuc ay nakuha ito ng mga mangingisda sa pinakamalalim na bahagi ng ilog. Noong una ay maliit lamang ang imahen subalit ang ipinagtaka ng mga Yogad ay lumaki ito. Nasaksihan ng mga mananaliksik ang pagdayo sa simbahan ng mga maysakit na galing sa malalayong lugar. Ayon sa nakapanayam na maysakit, sila ay magagamot sa pamamagitan ng taimtim na pananalangin, pamamanata, at ang paniniwalang sila ay gagaling. Ang mga maysakit ay pumapasok sa simbahan upang manalangin nang taimtim. Ginagawa nila ito tuwing alas sais ng umaga, alas dose ng tanghali at alas sais ng gabi. May lugar din na kanilang pinagtutulugan nang libre hanggat hindi sila gumagaling. Pag-uwi nila sa kanilang lugar ay magaling na sila. Bumabalik din sila sa simbahan tuwing mahal na araw upang magpasalamat, maipagpatuloy ang panata at maibahagi ang himalang nangyari sa kanila. Si G. Furuc ang tagapangalaga ng simbahan. Naging panata niya ang paglilinis at pagbabantay dito nang walang hinihintay na kapalit. Tuwing may magsisimba, magpapagamot at mananalangin sa simbahan ay palagi siyang nakaagapay.

Ginagamit ng mga Yógad ang **Gozus** sa pagsamba. Ito’y isang kalipunan ng mga awiting pagsamba at panalangin. Sa mga **Gozus** na ginagamit sa simbahan wala ni isang nakasulat sa Wikang Yógad bagkus ito ay nakasulat sa wikang Ibanag.

Talahanayan 2: Mga uri ng Panalangin ng mga Katutubong Yógad	
<i>Pabbalabalat</i>	(<i>Dasal sa Pagpapasalamat</i>)
<i>Pallebut</i>	(<i>Dasal sa Kalikasan</i>)
<i>Panumpay</i>	(<i>Dasal sa Pagpapahaba ng buhay</i>)
<i>Mammula</i>	(<i>Dasal sa Pagtatanim</i>)
<i>Magapit</i>	(<i>Dasal sa Pag-aani</i>)
<i>Ilayyug ya Attolay</i>	(<i>Dasal para sa bagong siláng</i>)
<i>Manguru</i>	(<i>Dasal sa Panggagamot</i>)
<i>Pagiskwela</i>	(<i>Dasal sa Pag-aaral</i>)
<i>Pappagalit tu malas</i>	(<i>Dasal sa Pagpapaalis ng malas</i>)
<i>Mattolitu Ginafan</i>	(<i>Dasal sa Pagbabalik-loob ng magkapamilya</i>)

Ginagamit din ng mga Yógad ang Bibliya sa pananampalataya. Naniniwala sila na sa Bibliya nakatalâ at naisulat ang mga mensahe ng diyos na kanilang pinaglilingkuran at pinaniniwalaan.

Mababakas sa gawa at salita ng mga Yógad ang kanilang pananampalataya. Ito’y mararamdaman sa kanilang mga himig at awitin. Nakita sa mga Yógad ang dedikasyon nila sa kanilang relihiyon na kinamulatan at pinaniwalaan. Makikitang hindi hadlang ang relihiyon sa kanilang identidad. Respeto at pagmamahal pa rin sa kapwa at Diyos ang tuon ng bawat isa.

Ang relihiyon ay instrumento ng magandang ugnayan ng bawat tao sa Poong Maykapal. Katulad din ng wika, ito’y daluyan ng kamalayan ng anumang pangkat o etnikong grupong kinabibilangan. Ang wika ay ginagamit upang maipahayag ang pananampalataya sa Diyos.

Materyal at Di –Materyal na Kultura at Tradisyon

Sining ng Yógad

Ang mga Yógad ay isa sa mga pangkat etniko sa Cagayan Valley na mayaman sa sining. Katangi-tangi sa sining ang mga Yógad lalo na sa kanilang mga likhang-kamay gamit lamang ang materyal na bigay ng mga likas na yaman.

Kakikitaan ng pagkamalikhain ang mga Yógad, isa na rito ang paghahabi ng mga basket, **gampa** (*ginagamit na lalagyan ng mga maaaning mais*), mesa, at upuan na yari sa rattan na mula sa puno ng rattan na kinukuha sa kagubatan sa kalapit-bayan. Mga pirasong sanga ng kahoy na inuukit at inilililok na ginagawang palamuti o di naman kaya’y mga kasangkapan na magagámit sa tahanan tulad ng baso, sandok, at ibá pa. Gumagawa rin sila ng **ammori** o lambat (Banwet) sa paghuhulí ng isda, **Pasaret o banniit** para naman sa pamimingwit. Gumagamit din ang mga Yógad ng **patumbay**, isang kagamitan na yari sa lata ng sardinas o tanso na ginagamit bílang panuhog sa dahon ng tabako.

Gumagawa rin ang mga Yógad ng iba’t ibang palamuti na gawa sa mga risiklong bagay tulad ng plastik ng Zest – O at mga tsitsirya na ginagawang taniman ng mga halaman at gulay, mga gulong ng sasakyan na ginagawang basurahan, bahayan at pangitlogan ng pato at manok. May kakayahan din ang mga Yógad sa pagguguhit, ito’y makikita sa mga palamuti na nakasabit sa kanilang barangay hall at eskwelahan.

Literatura ng Yógad

Isang pangkat etniko ang Yógad na may mayamang literatura, lalo na sa mga Awiting Bayan, bugtong, alamat o Kuwentong Bayan na naisasalaysay ng mga matatandang Yógad. Nababalot sa kanilang mga literatura ang pagpapayaman sa konsepto ng pag-ibig, pagpapakabayani, pagtuturo ng magagandang gawi at asal sa mga batang Yógad.

Awiting Bayan

Mahilig ang mga Yógad sa Awiting Bayan, ito’y nagsisilbing libangan nila at baol ng mga alaala sa kanilang pag-ibig. Tuon din ng kanilang mga awitin ang mga pangaral sa tamang gawi at asal.

“Yu Taddan” (Ballad at IBARRA) Arigku wagi amma fusto Yu anggan ba danu lallaki Antu lan yu akuan da Yu mamure-pureba Matássim yu aggabi –abid da Masimpat yu agguyu-guyu ra Kunta yu futu ra Ay mamure-pureba Ne angngarigan yu anggam ba Ay kattu yu tata ya maseta Amma nalurot, itappol da ra	Ang Payo Ang pagkakaalam ko kaibigan ay totoo, Ang pagmamahal ng mga kalalakihan, Ang palagi nilang ginagawa, Ay ang sumubok sa mga pagsubok, Mga salitang matatamis, Maayos ika nga, Ngunit ang kanilang puso ay palaging sinusubok ng mga pagsubok Halimbawa ang kanilang pagmamahal Gaya rin ng alagang tanim
---	---

Te awan da pamman tu sirbi na Antyina wagi ammetam ba Mangurug taku danu lallaki Te yu itamba ra atanan you karalu ra Matassim yu aggabi-abid da Masimpat yu agguyu-guyu ra Kunta yu futu ra Ay mamuru-pureba	Kung ito ay may sira na, itinatapon na lang nila Kasi wala na siyang pakinabang Kaya mga kaibigan, kahit hindi na Maniwala sa lalaking ito Kahit nakawan nila ang kanilang kaluluwa Sa mga matatamis nilang mga salita Sa maayos nilang gawain Ngunit ang kanilang puso Ay di hamak na laging sinusubok ng mga pagsubok.
--	---

Ang awit na ***Yu Taddan*** ay isang Awiting Pampayo na mayroong tempo na $\frac{3}{4}$. Ito ay awitin tuwing may espesyal na okasyon na ang lalake at babae ay nagpapalitan ng sagot sa pamamagitan ng himno. Ang babae ay kumukuha muna ng payo sa malapit na kaibigan at pamilya o di naman kâya’y humihingi ng payo sa mundo ng pag-ibig o mapanuksong hamon ng mga kalalakihan sa hamon ng pag-ibig.

“Yu Lappaw” Dyesaw, O Nenang Futuku mattangi-tangit Bangung-ngu ya lappaw Akuruga makemmemmi Simannu kadda nenang Yu daguiraguing nu futu Bigad ya mepatay Sika Lammun yu makabannay Mabeling Yu agguyu-guyuan nu Nikan magimammat Neyarig tu balsam Amma Libro Yaw yu gakotu Kadda allanna noturak Ay yu ngagan nu.	Ang Bulaklak Pagtawag, O Nenang Ang aking pusong nasusugatan Ang iyong halimuyak ay gaya ng bulaklak Na talaga namang matamis Makinig ka nang maigi Nenang Ang aking mahiwagang puso Ay maaring mamatay Na ikaw lamang ang makagagamot Makatao Ang iyong mga gawain Huwag nang mag-atubili Gaya ng na-embalsamo Kung ang aking dibdib ay gaya ng isang libro Ang iyong pangalan ay naiukit dito
--	---

Ang ***Yu Lappaw*** o ***Ang Bulaklak*** ay isang awit panliligaw. Ang awit na ito ay may kumpas na 2/4. Ito’y paghahalintulad sa isang mabango at magandang bulaklak, gamot sa sugat ng puso, na naihalintulad sa isang mahinhin at marikit na dalaga o babae. May mga katangian ng isang bulaklak na kahalintulad ng isang dalagang Yógad. Karaniwang makikita sa tipikal na Yógad ang kahinhinan, may maayos na pananamit, at may kakaibang kagandahan na bumibighani sa mga kalalakihan.

“Nattalebad Kan Nuani”	
Nattalebag kan nuani Ammem nallalangi Assisim ko tu ngaral lu Nattoli angat ko Ara aw kungku lammun	Maaga akong lumisan Hindi mo man lang akong tinignan Noong narinig ko ang boses mo Ang aking hininga ay bumalik Oo, sige lang kako

Tu darallu pangngupangu Natu pangalufutan Wagi kunnu balat nikan.	Ang iyong mga perwisyong naidulot Ngunit kapag oras na kailangan ako Maari mo rin akong tawagin kaibigan.
---	---

Ang *Nattalebad Kan Nuani* o *Dumaan Ako Kanina* ay isang awit na tumatalakay sa isang pag-ibig ng isang lalaking Yógad sa babaeng Yógad na gustong magpapansin, ngunit dahil sa tinig at asal ng babaeng Yógad, kanyang naramdaman na sila’y hanggang magkaibigan lamang.

“Anak”	
Udungan nu yu baggim Futu ku mattangi-tangit Mannakanakam, mannonononot Tu digada amma anni inna nikam Tukura nappataganak Addu inattamman da ya Digat digat a nelalot, at nagidduk A nanaron nikam (2x) Tu antu yao yu quiddawang ku Tu Dios namaratu nonot annu futu Tu undon nakan tu dakal ya allak Taqueto nammukuyu Mabbalat tu digada nikan	Alagaan mo ang sarili mo Ang aking puso ay umiiyak Maging progresibo at replektibo sa sarili Sa mga sakripisyo ng iyong nanay at tatay Na ikaw ay lumaki nang maayos Marami nang pagsubok ang kanilang naranasan Para sa pag-aalaga ng sarili Kaya nga ako nagtatanong Sa ating Diyos na gumawa ng ating isipan at puso Para pasalamatan ko ang kanilang Sakripisyo

Ang *Anak* ay isang awitin ng magulang na Yógad sa kanyang anak na nagpapaalala sa mga asal, gawi at aral na dapat nilang itanim sa puso at isip at dapat isabuhay ng kanilang mga anak.

“Balansinat Kamatis Parya”	
Kada lelelao tu kada agaw Da balansinat, kamatis, parya Simangku sira maggarabid Yu allun na ni balansinat Sican mananam nikitam atanan Kunta si parya, sinabbangga pa —Ampipian nu lan maggabid kolakl	Bawat Umaga Sila ay Talong, Kamatis, at Ampalaya Nakikinig ako sa kanilang usapan Sambit ng Talong, Ako ang pinakamalasa sa inyo Ngunit ani ni Ampalaya, - Mag-ingat ka kaibigan sa iyon sinasabi

Ang *Balansinat, Kamatis, Parya*” o Talong, Kamatis, ampalaya ay isang awiting Yogad na lumilikha ng pagkokompara sa bawat isa batay sa kanilang anyo at lasa.

Ang *Balansinat, Kamatis, Parya*” o Talong, Kamatis, ampalaya ay isang awiting Yogad na lumilikha ng pagkokompara sa bawat isa batay sa kanilang anyo at lasa.

“Mangngan Da”	
Kambasáo te mangan da Nakagaku ra si Innang Kambasáo, kambasáo Yu yakkan ay sinapa Mappasensiyá quitam ambit Te awan tu kuarto tam Natu lelao, natu lelao Magyakkan quitam tu baka.	Halina kayo, Oras na para tayo ay kumain Tapos na si nanay sa pagluluto Halina kayo, Halina kayo, Ang ating ulam ay tinapa (Sinuuban) Tayo ay magtipid Kasi wala na tayong pera Para sa kinabukasan, Para sa Kinabukasan Kakain tayo ng karne.

Ang **“Mangngan Da”** o *Kakain Na* ay isang awiting Yogad na inaawit tuwing kakain. Ang pagkain ng tinapa sa hapag at karne ng baka kinabúkasan ay nangangahulugan ng pagiging payak at matiisin na pamumuhay ng isang Katutubong Yógad.

Wara lobo ku	Mayroon akong Lobo
Wara lobo ku Nakkagab tu langit Maku ra pa neta Nabattaga sika Sayang lan yun kuarto ko Pinaggatang tu lobu Tu makkan minaku Nabattug kan tappa	Ako ay may lobo. Lumipad sa langit. ‘Di ko na nakita, lumipad na pala. Sayang ang pera ko, Pambili ng lobo. Sa pagkain sana’y Nabusog pa ako.

Ang **“Wara Lobu Ko”** o *Ako ay may Lobo* ay isang awiting pambatang Yógad bílang pang-aluw sa mga Yógad.

O, Bulan	
O, manapaddao ya bulan, dagiraging siman nakan O, manawag ya paddao yadam nikan kaggao O. mapaddao ya bulan dagiraging siman nakan Yu kokopan ya daddamán ingka kadda udwan Taketa meku mawawan	O buwan, dinggin ang aking hinaing O maliwanag na bituin, bigyan mo ako ng bituin O maliwanag na buwan, pakinggan aming daíng Kaya mo bang bigyan ako ng liwanag? Nang sa ganoon, hindi ako mawala
Koro	
Amma kalimmunan nakan Yu anggam kapangarian Mas mapi landa yu matáy Amma tu sigga matolay Nalurodda yu anggam	Kung ako man ay makalilimutan mo, Ang pagmamahal na ito ay mababasag Mas pipiliin ko na lang mamatay Kaysa mabuhay Ang aking pagmamahal ay naghihinalo

Ingka kadda patolayan O bulan siman nakan tu madagan	Kaya mo pa bang buhayin O buwan, pakinggan mo naman ako para sa isa pang pagkakataon.
---	---

Ang “**O, Bulan**” o *Ang Buwan* ay isang awitin ng pagsusumamo o pagtatawag sa liwanag ng buwan sa kalangitan na pakinggan ang hinaing ng katutubong Yógad.

Bugtong

Yógad Palabunan

1. Diyenara-Dienara, Mem meta

Sagot: Babbag

2. Amma Agaw Bombong, Ammagabi Don

Sagot: Abak

3. Wara addu matáwagi, quigad tuta akkeganaga mera makkaita

Sagot: Bambang

4. Neparet, mamanwet

Sagot: Ngipan

5. Wara wagi ku, umampayaw masque ansaw aging ku

Sagot: Aninu

6. Si Pedro nattagu kunta meteta ulo na

Sagot: Patak

Awit ng Yógad

Yu Lappang

Atanan mammanok

Ya Neta Kura

Yu Lappang lan yu neduduma!

Danga nu agaw

Makkaturug magimmang

Magaffun tu panga-panga

Danga nu Gabi

Gumalit, Makakakagab

Kusmaywan da pa.

Ang “**Yu Lappang**” ay may representasyon o pagtawag sa bagay na hindi nakikita likha ng tawag ng kalikasan. Hindi pinahihintulutan ang pagsasalin nito sa anumang lengguwahe batay sa informant na si G. Ballad.

Sayaw ng Yógad

Ang tawag sa katutubo at tatak na sayaw ng mga Yogad ay **Bakal-Bakal**. Karaniwang sinasayaw ito tuwing pista ng Birhen Visitacion. Sinasayaw ito ng dalawa hanggang tatlong oras at kung minsan ay umaabot ng tatlong araw. Sa pamamagitan ng sayaw na ito nabibigyang interpretasyon ang pagiging mandirigma ng mga Yogad. Ang mga mananayaw ay may kani-kaniyang karakter na ginagampanan gaya ng hari, reyna, prinsesa, duke at mga mandirigma. Ang sayaw na ito ay nagsisimula sa pagmamartsa ng mga mananayaw at makikitang buhay na buhay ang kanilang kilos. Ito ay may labindalawang pagsubok na kailangang malampasan hanggang sa magkaroon ng pagkakaintindihan. May tatlong bahagi ang kuwento ng sayaw. Una ang diyologo ng mga hindi Kristiyano, susundan ng pagkamatay, at panghulí ay ang himala ng Mahal na Birhen ng mga Yógad. Gamit ang espada, ang mga kumpas at ritmo ng tugtugin ay sinasabayan ng mga mananayaw. Batay sa isinagawang panayam kay kapitan Acosta ng Brgy. Malitao, sinabi niyang ang kanilang baranggay ang tahanan ng **Bakal-Bakal** dahil dito nakatira ang orihinal na mananayaw ng Bakal-bakal. Sinasayaw din nila ito tuwing pista at mahal na araw.

Iba pang sayaw ng katutubong Yógad

Ang pagsasayaw ay palaging kasama sa pagdiriwang ng mga Yogad. Ilan sa iba pang sayaw na kanilang sinasayaw ay ang Balanban at Jota Echagueno.

1. Balanban

Ito ay isang ethnic dance ng mga Yógad sapagkat ipinapakita rito ang paraan ng kanilang pamumuhay na pangngisda. Sa pangunguna ng mga matátanda, sinasayaw ito bílang simbolikong representasyon ng espada at lumulutang na mga isda na matatagpuan sa malinaw na tubig ng Ilog Cagayan. Sinasayaw ito ng may kapareha partikular ang babae at lalake at maaring pangmaramihang sayaw. Suot ang malikhaing kasuotan ng Yógad, binibigyan nilá ng representasyon ang mga isda. Ipinapakita nito ang pagiging sagana sa likas-yaman ng mga Yógad.

2. La Jota Echagueño

Ang sayaw na ito ay nagmula sa Carulay, Echague, Isabela. Ito ay ginagawa at sinasayaw sa espesyal na okasyon gaya ng kasal at pang-aliw sa mga bisita tuwing kapistahan. Karaniwan sa mga mananayaw ay sinusundan ng

ikakasal. Samantala ang mga mananayaw, mga ninong at ninang , kapitbahay at kaibigan ay nagbibigay ng mga kahilingan na simbolo ng pagmamahalan at sangang pagsasamahan ng mag-asawa.

Kuwentong Bayan

Ang mga Yógad ay may mga Kuwentong Bayan tungkol sa kanilang mga mandirigma o bayani sa kanilang pangkat. Mayroong labing-apat na mandirigma o bayani na matatawag ang mga katutubong Yógad na **Mengal**.

MENGAL ALINGOT

Sa pagtatala mula sa akawnt ng Socio-Cultural and Tourism Office ng Echague at National Commission on Indigenous Peoples Office ng Echague ang kanyang pangalan ay Alingot ngunit ang orihinal na pangalan ay Alingog. Sa pakikipanayam kina G. Acosta at G. Keessing sinabi nila na nagiging T ang bigkas nila sa G gaya ng sa Espanyol at Ibanag kaya iniwasto ng mga Kastíla sa pamamagitan ng panulat na ang dating —Alingog ay naging —Alingot.

Sa kuwento ng mga Yógad, may kakayahan si Mengal Alingot na maglaho sa harapan ng taong kanyang kinakausap at kaya rin niyang lumiit gaya ng isang langgam. Dahil sa kakayahang ito ay natatalo ni Mengal Alingot ang kanyang mga kalaban. Pagkatapos makipaglaban ni Mengal Alingot ay natutulog siya sa mga mababangong bulaklak. May kakayahan ding manggamot ni Mengal Alingot gamit ang mga dahon. Isang simbolikong modelo ng katapangan si Mengal Alingot dahil sa pagtatanggol nito sa kapwa Yogad. Nakikipaglaban siya sa mga gustong gumambala sa katahimikan ng kanilang tribo. Simbolo rin siya ng pagkamaka-Filipino at bayani ng mga Yógad dahil handa niyang ibuwis ang kaniyang buhay para sa iba. Maliban sa pagtataglay ng kakaibang lakas, kinakitaan din ng magandang gawi at asal upang tularan ng mga Yogad. Naipakita ni Mengal Alingot ang pagiging tunay na mandirigma. Ang kaniyang pagiging matapang at malakas ay nagpapakilala ng magandang katangian ng mga Yogad. Ang paggamit ng tapang at lakas sa pagsisilbi sa kanilang tribo. Dahilan ito upang pangalagaan at pag-aralan ang tungkol sa buhay ni Mengal Alingot.

MENGAL DAPPANAN

Sa pakikipamuhay ng mga mananaliksik, napag-alaman nilang may isang Mengal na natatangi ang ambag sa kasaysayan ng mga Yogad na hindi pa naitala ng mga antropologo, pilantropo, at mga mananaliksik. Siya ay si Mengal Dappanan. Batay kina G. at Gng. Ballad ng Maligaya, Echague, ang kanilang lolo (ang kinapanayam ay nasa ikapitong henerasyon) ay mayroong kakaibang lakas at hindi maipaliwanag na kapangyarihan. Noong 1400, ang pamilya ni Domingo Dappanan ay nakatira sa simbahan na maliit na punong-puno ng bulaklak. Siya ay manggagamot. Gumagamit siya ng talahib, lana (langis) at tubig sa panggagamot. Siyá raw ay nakapaglalakad sa ilog ng Dammang East hanggang Malitao upang magmanman ng mga mananakop na Agta at ibang lahi. Kaya rin niyang marating ang malayong lugar gaya nang mula baranggay Maligaya hanggang Dupax Del Norte at Dupax Del Sur gamit ang kapangyarihan ng kanyang isip. Sa isang iglap ay nasa nabanggit na lugar na siya upang maipagtanggol ang kanyang mga katribu sa mga Ilonggot/ Bugkalot.

Pawid (talahib) ang ginagamit niyang panghulí sa mga kalabang Ilonggot. Naikuwento raw ng kanyang lolo na may kapangyarihan siyang mabago ang kanyang anyo bilang hayop at kaya niyang maglaho (invisible) kaya napugutan niya ng ulo ang 50 Ilonggot/ Bugkalot na gustong sumakop sa kaniláng lugar. Ginamit ni Mengal Dappanan ang taglay niyang kapangyarihan upang maprotektahan ang kanyang mga nasasakupan.

Sa kasalukuyan, matatagpuan pa rin ang maliit na simbahan sa baranggay Maligaya. Pinaniniwalaang pinananahanan pa rin ito ni Mengal Dappanan at ng mga kaluluwa ng mga Ilonggot.

MENGAL BALLADON

Kinilala bílang pinakamatápang na Mengal ng mga Yógad si Mengal Balladon dahil sa pakikipaglaban niya sa mga Kastíla. Sa masukal at matáas na bahagi ng Camarag partikular sa Dammang West at Dammang East, dinala niya ang kasama niyang mga Yógad upang sila ay mabinyagan bilang Kristiyano. Siya at ang kanyang grupo ay nakipaglaban sa mga mananakop sa Payac, Jones, Isabela upang ipaglaban ang kalupaan ng mga Yogad. Sa pagiging mandirigma, naipakita niya ang pagmamalasakit sa kapwa Yogad. Nakatulong nang malaki ang mga kuweba ng Camarag kina Mengal Balladon sapagkat dito sila dumadaan at sumisilong kapag may ulan. Naging kaibigan niya ang mga hayop. Nagamit niya ang kanyang puting kalapati bilang tagapaghatid ng mga impormasyon sa mga pinuno ng katutubong Yógad. Gumamit siya ng mga patibong at tinik upang matalo ang mga Kastila sa kanilang labanan. Sa paglalakbay niya sa Diffun, Quirino Province, nakipag-usap siya sa kalikasan sa pamamagitan ng panaginip na dalhin siya kung saan kailangan ang kaniyang tulong. Sa kanyang malabakal na paa kanyang binutasan ang kalupaan na siyang dahilan ng pagkakaroon ng mga ilog.

Kapag ang isang Yógad ay nagkasala, magkakaroon ng matinding sakuna sa lugar na pinangyarihan ng masamang gawain.

Sa Payac binawian ng buhay si Mengal Balladon. Batay sa aktuwal na pagsasalaysay ni G. Trinidad, ang Ballad na pamilya ang pangunahing pinagmulan ni Mengal Balladon. Nilágyan ng hulaping -on ng mga sinaunang Yógad ang apelyido ni G. Ballad kaya tinawag itong Mengal Balladon. Nabalida ito ng mga mananaliksik sa pakikisangkot sa kuwentuhan ng pamilya Keesing.

MENGAL BAGGUADON

Isang mabuting lider at maasahan sa pamilya ng mga Yógad si Mengal Bagguadon. Kapwa adbokasiya nina Mengal Balladon at Mengal Bagguadon ang ipaglaban ang kalupaan ng mga Yógad. Si Mengal Bagguadon ay pinupuntahan ng mga pamilyang maysakit o may karamdamáng hindi maipaliwanag. Sa kanyang kalasag nagmumula ang enerhiya at kapangyarihan. Nang sumakop ang mga Kastíla, siya ay nahulí at ikinulong sa Nuevo Segovio (Lallo, Cagayan). May angking lakas na hindi maipaliwanag si Mengal Bagguadon. Kaya niyang bunutin ang isang tirahan at sa pamamagitan ng kanyang mga suntok pati mga ugat ng puno ay nagkapira-piraso. May mga masusugid siyang kaibigang alitaptap na sa tuwing umaga ay kulay berde ngunit kapag gabi ito ay mala-ginto. Inililipad siya ng mga ito sa kalupaan ng Nuevo (Alicia) at Bagabag upang tulungan ang mga kapwa niya Yógad laban sa mga

mananakop. Sa pakikipanayam sa mga Yógad na pareho sa paglalarawan ni Father Luga (1955), dahil sa katandaan namatáy si Mengal Bagguadon.

MENGAL LAGUTAO

Isa sa mga tanyag na pinuno ng mga Yógad si Mengal Lagutao. Siyá ay kapatid ng dating alkalde na si Onofre Libán, ang kauna-unahang alkalde sa bayan ng Angadanan, Isabela. Isa sa mga hangarin niya ay ang pagbuklurin ang mga Yógad sa pamamagitan ng pakikipaglaban sa mga Kastílang mapang-api at mananakop. Kasama niya ang kaniyang asawang si Magaya na nakipaglaban sa mga Kastila at sila ay nagwagi. Hindi tinanggap ni Mengal Lagutao at ng kaniyang pamilya ang pagiging Kristiyano kaya nanatili siláng pagano. Masinop at maayos ang kanyang pamamahala kaya labis na naaalala ng mga Yogad ang kanyang ambag kasama ang kaniyang asawang si Magaya at ang kaniláng maliliit na armas na panabas sa mga kogon na siyáng nagbibigay sa kanilá ng tapang at lakas upang matálo sa labanan ang mga Kastíla.

MENGAL PIRAN

Isa sa pinakabatang Mengal ng Yógad si Mengal Piran. Matáline at kaniyang ipinaglalaban ang kaniyang prinsipyo na makabuluhan at nakatutulong sa mga Yógad. Isa sa kaniyang mga hangarin ang pagyakap at pagpapayaman ng kulturang Yogad. Isa siyá sa mga inutusan ng mga Yógad upang makiisa at magkaroon ng kolaborasyon sa mga Kastíla upang mamanmanan ang mga ito. Sa pamamagitan niya ay nalaman ng mga Yogad ang atakeng gagawin upang matalo ang mga Kastila.

Mabuti ang kalooban ni Mengal Piran. Nakita sa kanyang pagkatao ang pagiging matapang ng mga Yógad. Naniniwala siya na ang lahat ng nilikha ng Diyos ay kaaya-aya, maayos at may angking kabutihan. Kayà ang tao ay ginawa ng Diyos bílang tagapangasiwa ng bawat nilálang sa sanlibutan. Likas sa mga Yogad ang pagiging matapang at may malasakit sa kapuwa. Hangad nila ay makatulong sa kapuwa Yogad. May lihim na kapangyarihan si Mengal Piran, gamit ang kaniyang ikaanim na daliri nagagawa niyang kunin ang kaluluwa ng kaniyang kalaban at itago ito panghabambuhay. May nagtangkang kunin ang daliri ni Mengal Piran subalit hindi ito nagtagumpay dahil nakuha ni Mengal Piran ang kaniyang kaluluwa.

MENGAL MANGAHASU

Nabigyan ng pagkakataóng iligtas ang kanyang bayan gámit ang kanyang mahiwagang pana. Naging tuon niya ang timog na bahagi ng Rehiyon ng Yogad na noong unang panahon ay kabilang ang Santa Fe at Aritao. Ginagamit din niya ang kaniyang pana sa pagkuha ng baboy ramo (wild pigs), mga ibon at ibá pa. Kumukuha siya ng mga orkidyas sa kabundukan at iniaalay sa kanyang mga santo at santa. Gawain ni Mengal Mangahasu ang magplano at magsagawa ng mga estratehiyang mas madali sa pag-atake sa mga Kastíla. Noong nilusob nilá ang pugas ng mga Kastila, sila ay umuwing sugatan subalit nanalo sa labanan. Nalito ang kaniyang mga kalaban sapagkat gamit ang kaniyang mahiwagang pana ay naglagay siya ng pain sa matatarik na bundok sa Sta. Fe. Isang maling hakbang ng kalaban ay siguradong ikamamatay nito dahil sa nag-aabang na tusok sa pain ni Mengal Mangahasu. May kakaibang alaga si Mengal Mangahasu. Ito ang maliit subalit makapangyarihang butiki. Isang araw nanalangin si Mengal Mangahasu na sana ay lumaki ang kaniyang alaga. Pagkaraan ng

ilang araw, nabigla siya sa kanyang nakita. Ang kaniyang alagang butiki ay naging kasinlaki ng isang kabayo. Natuwa siya at naglakbay. Sa kaniyang paglalakbay ay nakilala niya ang iba't ibang uri ng manggagamot na lagpas na sa isang daang taon ang kanilang mga edad. Ang natatanging Rebulito ng Sta. Ignacia na nasa tuktok ng Aritao ay tinubuan ng maraming luya. Sinumang kakain nito na busilak ang puso ay papalarin sa buhay. Maanghang kapag nginuya ito kaya ilan sa mga katutubo na naroon ay hindi pinagpala dahil sa kasamaan ng kanilang puso. Isinakripisyo ni Mengal Mangahasu ang kanyang buhay sa paggawa ng daang liko-liko na magagamit ng mga katutubo sa pagtitinda ng walis sa bundok at upang maalagaan ang kalikasan at mga likha ng Panginoon.

Sa akawnt ni Guzman (2011), walo lamang ang naitalang mga orihinal na Mengal ng mga Yógad samantalang sa akawnt ng Socio-Cultural Tourism ng Echague ay labing-isa (11) at sa pananaliksik na ito ay nadagdagan ng tatlo.

MENGAL GUMPIN

Ang manlalakbay na si Mengal Gumpin ay may natatanging ambag sa mga bayani ng Yógad. Ito ay ang pagkakawang-gawa at pagkamakakalikasan. Siyá ang nagturo sa mga Yógad ng pagtatanim ng iba't ibang uri ng gulay. Sa halip na maging Padre de pamilya ng kanyang mga anak at asawa, mas pinili niyang lumaban sa mga mananakop kahit na sarili niyang buhay ang kanyang ialay. Isa siyang lider na may pagpapahalaga sa kapakanan ng mga Yógad sa Camarag. Noong sumakop ang mga armadong Kastila, buong tapang siyang lumaban kasama ang kaniyang pangkat. Nilakad niya mula Camarag patungong Bagabag, Aritao, Santa Fe, Dupax Del Sur at Dupax Del Norte upang maipaábot ang kinakailangang tulong at suporta ng mga katutubong Yógad.

MENGAL MAGAYAM

Nagkaroon noon ng malaking pagtatalo ang tribo ng Yógad at Kastilang sakim sa mga lupain. Dahil dito ay nagkaroon ng boses ang pamilyang Magayam sapagkat sila ang nakipaglaban para maprotektahan ang lupain ng mga Yógad. Sa angkan ni Magayam, pito ang may malaking itak na nagbibigay-lakas sa mga Yógad. Bago ito gamitin, kailangan munang gawan ng orasyon ang mga itak para gumana ang hindi maipaliwanag na kapangyarihan nitó. Ang orasyon sa pagkakatatay ng baboy ramo o manok ay mahirap isagawa. Ang pinakamatánda sa grupo ang siyang magsasagawa ng orasyon. Tatlong oras itong isinasagawa. Kinakailangang malakas ang pagbasa sa orasyong naisulat sa Latin at sa ibang lengguwahe upang maging mabisa ito. Ang dalawang malaking hibla ng buhok ang siyang pinanggagalingan ng lakas ni Mengal Magayam. Ang kaniyang mga mata ay may matinding kapangyarihan. Nakikita niya ang mga mapang-aping Kastila kahit nasa Aritao at Sta. Fe sila. Nasawi ang buhay ni Mengal Magayam at ang pitong kamag-anak nito sa dami ng Kastilang sumakop sa bayan ng Camarag.

MENGAL MAGAYA

Si Mengal Magaya ay inihalintulad kay Gabriela Silang ng Ilocos. Asawa siya ng magiting na si Mengal Lagutao na siyá namang nangasiwa sa kilusan ng mga kababaihang Yógad. May lakas siyang pagsamahin ang mga Yógad sa kanyang

nasasakupan. Noong naglakbay si Mengal Magaya, napunta siya sa Nuevo (Alicia). Iniligtas niya ang mga kababaihang nakakulong sa ilalim ng pamumuno ng mga Kastilang pari sa simbahan ng Atocha. Ang labing-apat (14) na kababaihang iyon ang kanyang naging kasama sa mga kontra-gapi na nararanasan sa mga Kastilang mapang-api. Naglakbay din sila sa Angadanan, at kabundukan ng bayan ng San Guillermo para tulungan ang mga naaapi. Katuwang ang kanyang asawa, sila'y nagbigay ng pag-asa sa mga Yógad.

MENGAL LIBAN

Si Mengal Liban ang kauna-unahang alkalde ng Angadanan na may kontibusyon sa patas na paghatol sa mga taong nagkasala. Konsentrasyon niya ang pagtulong sa mga nasa kanlurang bahagi ng Rehiyon ng Yógad na siyá mismo ang namumuno. Siyá ay kapatid ni Mengal Lagutao. Hindi siya nabinyagan. Siya rin ay gumawa ng mga artikulong may kinalaman sa batas. Siya ay matápang na nakipaglaban sa mga mananakop na Kastila at sa mga galing sa ibáng tribo gaya ng Ilonggot. Isinulat niya ang batas ng **Lubilubi** na nagsasabi ng kaparusahan ng nagkasalang Yogad. Kapag ito ay may nagawang kasalanan, siya ay magkakaroon ng isangdaang gawain hanggang sa mabayaran niya ang kanyang ginawang kasalanan. Dahil dito ang konsepto ng pakikisama at pagsunod sa batas ay nabigyang-diin.

MENGAL ANTONIO MANGADAP

Ang pagkakatatag ng Echague ay isa sa mga ambag ni Mengal Antonio Mangadap. Siya ang nagpalit sa establisimiyento sa bagong pangalan nitong **Katura**. Pinagtibay ito ng Gobernador-Heneral de Echague. Unang naisulat sa librong The —Ilonggots ni Fr. Jose Salgado isang Dominikanong pari, sa pagtulong ni Mengal Mangadap sa mga Yogad sa Dupax Del Sur at lumang bahagi ng Nueva Vizcaya laban sa Kastila. Tuwing siya ay nagagawi sa Nueva Vizcaya, napagkakamalan siyang isa sa mga rekoletos na pari ng mga nakakasalamuha niyang mga madre at pari. Wala pang maayos na daanan na kanyang nilakbay. Naniniwala siya na ang destinasyon ng buhay ng mga katutubong Yógad ay gaya ng paglalakbay sa matatarik at lubak-lubak na daan. Ito ay representasyon na mayroong hamong naghihintay na kanyang haharapin. Sa layo ng paglalakbay ni Mengal Mangadap, sa mga puno na siya sumisilong at natutulog. Wala siyang pangambang may masamang elementong gagalaw sa kanya sapagkat suot-suot niya ang kuwintas na yari sa ngipin ng mga mababangis na buwaya na napatay niya kasama ang kaniyang tatay.

MENGAL KAPITAN TERCERO

Si Mengal Kapitan Tercero ay may orihinal na pangalan na Antonio Gaffud III. Siya ang pinakasikat at may pinakamalakas na taglay na kapangyarihan sa lahat ng mga Mengal. Batay sa akawnt ng NCIP Echague, pagkapanganak ng ibong *falcon* ay nag-iwan ng balahibo/pakpak sa mismong kuwarta ng kanyang nanay. Napansin na nakahawak siya nang mabuti sa tela na gamit ng kanyang ina.

Ang balahibo/pakpak ay kinuha ng kanyang tatay at inilagay ito sa kanyang unan. Bata pa lang siya ay nakakitaan na ng hindi maipaliwanag na lakas si Kapitan Tercero.

Sa pagtalunton ng mga mananaliksik, ang Camarag ang sentro ng kalakalan sa rehiyon I at rehiyon II. Ang mga tribong nakatira dito ay Ilonggots, Igorot, Kalinga at Ifugao na pagano. Kaya sa Cagayan Valley, ang Camarag ang pinakamayaman na bahagi noon sa mga pampublikong kalakalan gayundin sa likas-yaman. Sa pag-atake sa mga kalaban, si Kapitan Tercero kasama ang kanyang grupo ay gumagawa ng mga hakbang upang mailigtas ang kanyang nasasakupan. Gamit ang kanyang kampilan habang nagsasayawan at naghihiyawan ang kaniyang mga kasama ay natalo nila ang kanilang mga kalaban. sapagkat sa pag-atake pa lang ng mga kalaban sa kanila ay makikitang pagod na ang kanilang mga kalaban. Dahil sa kapaguran ng mga kalaban, makikita sa dila ng mga ito ang matinding paghingal at ang iba sa kanila ay itinatali sa mga puno gamit ang mga talahib. Ang mga paganong nakatakas ay bumalik sa kanilang lugar. Iniwan nila ang kanilang kasamahan na patay dahil takot silang kunin ang kanilang mga bangkay. Ang nais ng mga paganong taga-Cordillera ay gawing aliping sagigilid ang mga kababaihang Yógad matanda man o bata. Ang magaganda ay ginawang asawa at utusan. Sa naitalang rekord, naidepensa ni Kapitan Tercero ang kanilang lupain at mga kababaihang Yógad at natuto ang mga itong lumaban. Sa kasalukuyan, isinasagawa ang tradisyunal na pagpasa sa Kampilan ni Kapitan Tercero. Tuwing manunumpa sa tungkulin ang bagong halal na alkalde ay ipinapasa sa kanya ang Kampilan sa gabay ng mga lider ng mga Yógad.

MENGAL BALUNSAT

Itinatag ni Mengal Balunsat ang **Belcauayan** na ngayon ay Lungsod ng Cauayan.. Naging ambag niya ang pagpapasigla ng pagawaan ng bulak at taniman ng tabako bilang kabuhayan ng mga Yógad. Noong sumakop ang mga Agta at ibang nandayuhan, magiting siyang lumaban. Ginamit niya ang bolo at itak upang matalo ang mga nandarayuhan. Naipakita niya na ang grupo ng mga Yógad ay malalakas. Naging bahagi ng kasaysayan ng mga Yógad si Mengal Balunsat. Natamo ang harmonisasyon sa mga gawaing panseguridad at panrelihiyon ng nasasakupang ancestral domain ng mga Yógad. Naipakita ni Mengal Balunsat ang katapangan, pagkamakabayan, pagkamakatao, simplisidad at mabuting lider ng mga Yógad.

Ang mga Mengal ang nagsilbing bayani na namuno sa mga Yogad. Sila ay totoong tao na nagkaroon ng kakaibang kapangyarihan na mahirap maipaliwanag na siyang ginamit nila upang magapi ang mga kaaway.

Sa Ilog ng Dammang West

